

INFORM



Isang publikasyon ng Ministry of Manpower (MOM) para sa Migrant Domestic Workers (MDWs) sa Singapore

Alamin ang iyong mga karapatan sa pagtatrabaho

Alam mo ba na dapat sagutin ng iyong amo ang iyong pagpapagamot sa panahon ng iyong pagtatrabaho sa Singapore? Kasama dito ang gastusin ng iyong anim na buwanang medikal na pagpapatingin, mga ad-hoc na pagdalaw sa doktor at pagpapaospital.

Kailangan ding sagutin ng iyong amo ang iyong tiket sa eroplano pauwi kasama ang check-in ng bagahe sa pagtatapos ng iyong trabaho. Para sa iyong overseas leave, makipag-usap sa iyong amo tungkol sa gastos ng iyong tiket sa eroplano at isulat ang inyong kasunduan upang maiwasan ang mga sigalot.




**Kailangan mo ng tulong?
Makipag-ugnayan sa MOM
sa 1800 339 5505**



Narinig mo na ba ang tungkol sa SGWorkPass App?

Ito ay sang mobile app upang masuri kung totoo ang work pass at mga detalye ng iyong trabaho. Suriin ito ngayon!



- 1 I-tap ang 'My Employment Info' sa Quick Access menu
- 2 Mag-log-in gamit ang iyong Singpass
- 3 Tingnan ang impormasyon ng iyong amo


I-scan ito para ma-download ang app



I-scan ito para makapag-register sa Singpass account



Paano Mo Matutulungan ang Isang Kaibigang Nangagailangan?



Naaalala mo pa ba noong sinuportahan ka ng iyong kaibigan sa isang mahirap na kalagayan? Matutulungan mo rin ang iyong mga kaibigan! Kamustahin palagi ang mga kaibigan mo, pakinggan nang mabuti ang sinasabi nila, at hikayatin sila na humingi ng tulong kung kinakailangan



Makinig kay Marivic at sa Pamilyang Chia kung paano mapanatili ang nagkakaisang kaugnayan sa trabaho sa loob ng 17 taon!



T: Paano ka inalagaan at sinuportahan ng Pamilyang Chia?

S: “Hinikayat ako ng pamilyang Chia na magtipid ng pera, tinuruan ako kung paano bumili ng lupa at magpatayo ng bahay, doon sa lugar namin sa Pilipinas. Sinuportahan din nila ang hilig ko sa pagbi-bake at pagluluto. Ngayon, mayroon na akong propesyonal na sertipiko sa mas pinaunlad na pagbi-bake. Dahil sa bago kong kasanayan, nais kong magkaroon ng sarili kong panaderya pag-uwi ko sa Pilipinas.”

Marivic Garcia Tumamao
(MDW)



T: Paano ka nakapaglinang ng tiwala at ng isang mahusay na kapaligiran sa pagtatrabaho para kay Marivic?

S: “Kung maganda ang pakikitungo mo sa iyong katulong, susuklian niya iyon” – isang kasabihan na pinanindigan ng aking pamilya sa loob ng 17 taon ni Marivic sa amin.

Alam namin ang sakripisyo na ginawa ni Marivic, iniwan niya ang kanyang pamilya para magtrabaho sa Singapore. Upang maipakita ang aming pagpapahalaga, sinuportahan namin siya sa paglilina ng mga bagong kakayanan, upang magamit niya ang mga iyon pag-uwi niya.”

G. George Chia (Amo)



Paglinang ng Tiwala sa Pamamagitan ng Suporta at Pangangalaga sa Isa't-isa



Ligtas na Tahanan – Mga Tip sa Pagsugpo sa Krimen

Paano mo mapanatiling ligtas ang lahat kung ikaw ay nag-iisa o kung ang kasama mo lamang sa bahay ay ang mga anak ng iyong amo o isang nakatatanda? Basahin upang malaman.

- Panatiliing naka-lock ang geyt at pintuan
- Alamin ang identidad ng sinuman Hilingin sila na ipakita ang kanilang kard ng identidad at tawagan ang iyong amo para maberipika ang mga detalye. Tumawag ng Pulis kung hindi sigurado.
- Huwag patuluyin sa bahay mo ang isa na hindi mo kilala. Gumamit ng door-viewer para makita kung sino ang bisita. Ikabit ang kadena sa pinto kung nakikipag-usap sa bisita.
- Huwag ilagay ang mga susi ng bahay sa labas ng bahay (hal. sa paso ng bulaklak, ilalim ng floor mat)



Mag-ingat sa mga Phishing Scam na kasangkot ang Impersonasyon ng mga Ahensiya ng Gobyerno o mga Bangko

Ang mga scam na ito ay kadalasang nagsasangkot ng pagtawag sa telepono ng isang tao na nagsasabing siya ay mula sa isang organisasyon



Tingnan ang mga “+” na numero

Kadalasang ipinahihiwatig ng mga numero ng telepono na mayroong “+” na ang tawag ay galing sa ibang bansa. Mag-ingat sa pagsagot sa mga tawag na galing sa mga numerong katulad nito, lalo na kung wala ka namang inaasahang tawag galing sa ibang bansa ng mga miyembro ng iyong pamilya. Kung ang tawag ay mayroong “+65” na unlaping numero, balewalain ito.

Huwag magbigay ng kompidensiyal na impormasyon sa sinuman

Huwag sabihin sa sinuman ang mga personal na partikular, mga detalye ng banking at debit card. Huwag ibahagi sa sinuman ang iyong one-time passwords (OTPs).

Hindi kailanman hihilingin ng mga ahensiya ng gobyerno o mga bangko ang iyong mga personal na detalye; o magsagawa ng mga bank transfer sa pamamagitan ng telepono o mga robocall (mga automated voice machine).

Kung hindi ka sigurado, tumawag sa hotline ng Anti-Scam sa 1800 – 722 6688

Paunlarin ang iyong mga kakayanan para sa iyong karera sa hinaharap sa FAST Lifelong Centre!

Naitanong mo rin ba kung ano ang puwede mong gawin pag-uwi mo? Bakit hindi mo paunlarin ang iyong mga kakayanan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga kurso sa araw ng iyong pagpapahinga upang maihanda ka para sa isang karera sa hinaharap?

Ang FAST Lifelong Centre ay nag-aalok ng mga kurso tulad ng caregiving, pagmamahala sa kalusugan at ng kirot sa pamamagitan ng reflexology, pinansiyal na pamamahala, at mga programang pang-entrepreneur. Makakatanggap ka ng isang sertipiko ng pagiging espesyalista kung matagumpay ka na nakapagtapos.

I-scan ang QR code para makita ang kabuuang listahan ng mga pinondohang kurso ng pagsasanay.

Para sa karagdagang impormasyon:

- magpadala ng email sa training@fast.org.sg
- tawagan sila sa 6509 1535
- magpadala ng WhatsApp na mensahe sa 8514 9344



I-scan ito para makita ang listahan ng mga magagamit ng kontak



Para sa karagdagang impormasyon may kaugnayan sa pagtatrabaho sa Singapore, bisitahin ito:



Mga publikasyon at mga pinagkukunan (mom.gov.sg)



Ministry of Manpower (MOM) ng Singapore | Facebook
Mag-subscribe sa Facebook ng MOM ngayon!